

Tamang puno. Tamang lokasyon.

Hakbang 1



Hakbang 2



Hakbang 3




Batayan

Nahahati ang Canada sa siyam na malalaking sona, na may pinaka di-kaaya-ayang sona ng klima na 0 at ang pinakakatamtaman ay 8.

Ang Calgary ay inihahanay sa Zone 4a.

Ang pagkaunawa sa inyong sona ay tutulong sa iyo na matiyak kung anong mga puno ang talagang lalago sa inyong bakuran.



Mga uri ng puno

Ang **Deciduous** ay mga punong nalalaglag ang mga dahon sa taglagas, ang bagong mga dahon ay tutubo sa tagsibol. Ang **Coniferous** ay mga punong parating berde at may tulad karayom na mga dahon na nanatili sa buong taon.

Deciduous



Mga punong namumunga o namumulaklak: mas maliit, itinanim para pangdekorasyon

- Buckeye
- Chokecherry
- Hawthorn
- Lilac
- Plum



Mga punong nagbibigay-lilim: mas malaki na may malaking silungan na mga dahon

- Ash
- Trembling Aspen
- Linden
- Elm
- Maple
- Oak
- Birch

Coniferous



Mga punong tulad-haligi: payat, mataas na mga puno na kaunting espasyo lamang ang nakukuha

- Columnar Aspen
- Columnar Crabapple
- Columnar Mountain Ash



Mga punong coniferous: parating berde sa buong taon


- Larch
- Balsam Fir
- Colorado Blue Spruce
- White Spruce
- Douglas Fir

Saan magtanim

Gumuhit ng mapa ng iyong bakuran. Gamit ang iyong mapa, tumingin sa itaas, sa ibaba at sa palibot.

Isaalang-alang:

- mga linya ng kuryente (sa itaas at sa ilalim ng lupa)
- laki ng puno kapag magulang na ito
- mga kapit-bahay
- iba pang estruktura (garahe, silungan atbp.)
- lilim o mga kalagayang malililiman







BAGO KA MAGHUKAY:

Makipag-ugnayan sa Alberta One-Call para malaman kung nasaan ang anumang pampublikong nakabaong mga linya. 1-800-242-3447 o albertaonecall.com


- a) Maghukay ng butas na ang lalim ay kasya lamang ang kumpol ng ugat at **3X ang lapad**.
- b) Masahihin ang kumpol ng ugat para lumuwag ang mga ito. Tumutulong itong maiwasang masakal ng mga ugat ang puno.



- c) Ilagay ang puno sa butas. Ang pinakapuno ng ugat (root collar/flare) ay dapat na nakaangat sa lupa nang mga isa hanggang tatlong pulgada.
- d) Tabunan ang butas nang mga kalahati at ituwid ang puno. Huwag magdagdag sa butas ng kahit ano "para sa paagusan" (hal. Mga bato).



- e) Maglagay ng pataba nang malayo sa palibot ng puno sa hugis donut. Hindi lalampas sa tatlong pulgada ang lalim, at palayo mula sa puno hangga't posible.
- f) Tabunan ang natitirang bahagi ng butas at diligin na pinadadaan sa drip line sa loob ng 20 minuto (paunti-unti) o hanggang sa mabasa ang lupa. Diligin ang iyong bagong tanim na puno linggo-linggo sa loob ng 30 minuto at na pinadadaan sa drip line nang paunti-unti.



Ang iyong puno, sa buong taon.

Pangkaligtasan



Pagpupungos



Pagdidilig



Pataba



Una Muna Kaligtasan.

Laging magsuot ng personal na kagamitang pamproteksyon na angkop para sa gawain: mga guwantes, proteksyon sa mata at angkop sapatos.

Kapag may alinlangan, tumawag ng propesyonal. Alam ng sertipikadong arborist ang pinakatamang pangangalaga ng puno.

www.isa-arbor.com



mga salaming pangkaligtasan proteksyon sa tainga

mga guwantes

mga bota

Mas kaunti mas mabuti. Sa klima ng Calgary karamihan ng mga puno ay hindi kailangang pungusan nang madalas.

Iwasang pungusan kapag nagtanim ka ng bagong puno – maliban kung nagtatanggal ka ng patay na mga sanga.

Ang mga patay o may sakit na sanga ay maaaring pungusan kahit kailan sa buong taon maliban lamang kung ito ay punong Elm.


Hindi maaaring legal na pungusan ang Elms simula Abril 1 hanggang Setyembre 30, nakakatulong ito na maiwasan ang pagkalat ng Dutch Elm Disease.



Bagong tanim na puno na di-hihigit sa 3 taong gulang

Diligin ang iyong puno sa tagsibol, tag-araw at taglagas kapag hindi nagyeyelo ang lupa.

Ilagay ang iyong hose sa drip line, **diligin linggo-linggo sa loob ng 30 minuto** at paunti-unti.



Magulang na puno na higit sa 3 taong gulang

Diligin ang iyong puno sa tagsibol, tag-araw at taglagas kapag hindi nagyeyelo ang lupa.

Ilagay ang iyong hose sa drip line, **diligin minsan sa dalawang linggo sa loob ng 30 minuto** at paunti-unti.

Ang pataba ay nakakatulong na mapanatili ang tubig at mapanatiling basa ang mga ugat.

Ang pataba ay dapat na **3 pulgada ang lalim**, dapat na malayo sa katawan, palayo hangga't posible at sa hugis donut.

Maaari itong palitan kada tatlo hanggang limang taon.



Kalusugan ng puno: mga bagyo, sakit at peste.

Pinsala ng bagyo



Mga Sakit



Ang Calgary ay may mga bagyo ng nyebe sa buong taon, malalakas na hangin at makulog na bagyo na may mga pagtama ng kidlat at pag-ulan ng graniso. Gawin ang mga hakbang na ito pagkatapos ng bagyo para masuri ang iyong mga puno at matulungan itong makabawi.

1. Tingnan ang bawat puno.

Suriin kung may mga nagalaw na lupa, mga bitak sa katawan ng puno at o sa mga pangunahing sanga.

2. Maging Maingat.

Tingnan kung may mga panganib sa palibot ng iyong mga puno kung may baling mga sanga na napinsala o maaaring mapinsala.

3. Tumawag sa isang sertipikadong ISA arborist para matulungang tanggalin ang mga natira ng bagyo, suriin at pungusan nang tama ang iyong napinsalang puno.



Baling Sanga ng Deciduous

Mga halimbawa ng mga sakit ng puno:



Dutch Elm Disease



Fire Blight



Black Knot Fungus




Bronze Leaf Disease

Mga peste sa puno



Ang mga puno na nai-stress ay nanganganib na mapeste.

Kasama sa mga nagpapa-stress sa puno ang, mga baling sanga, mga bitak sa katawan nito at mga ugat na nasa matubig na lugar. Masosolusyonan ito kung alam mo kung ano ang hahanapin at kung ano ang gagawin.




Baling Katawan ng Deciduous

Mga Insekto:

Mga insektong ngumunguya: kumakain ng himaymay ng halaman tulad ng mga dahon, bulaklak, ubod, mga ugat at maliliit na sanga.

- Ash Leaf Cone Roller
- Satin Moth
- Yellow-headed Spruce Sawfly
- Mites



Yellow-headed Spruce Sawfly

Mga insektong naninipsip: nagpapasok ng kanilang bibig sa himaymay ng puno at sinisipsip ang mga katas nito.

- Aphids
- Elm Scale
- Oystershell Scale
- Pine Needle Scale



Oystershell Scale

Mga insektong nambubutas: gumugugol ng panahon sa panginginain sa ilalim ng balat ng puno bilang batang insekto.

- Ash Bark Beetle
- Bronze Birch Borer



Ash Bark Beetle



ALALAHANIN: ang pinakamadaling paraan na makakatulong sa pag-iwas at pagsugpo ng mga peste at sakit ay ang panatiliing malusog ang iyong mga puno: dilig mabuti, lagyan ng pataba, pungusan kung kinakailangan at kapag may alinlangan, tumawag sa isang propesyonal.

Pagsasanggalang ng puno mga plano at patakaran.

Pagsasanggalang sa mga puno ng Calgary



Lahat ng pampublikong (pag-aari ng lungsod) puno ay pinagsasanggalang sa ilalim ng patakaran.

Patakaran sa Pagsasanggalang ng Punong mga pagbabawal:

- Pagputol, pagtanggap, paglipat o pagpungos ng mga puno ng Lungsod.
- Pagtusok sa balat o pagkakabit ng anumang bagay sa mga puno ng Lungsod (hal.: mga karatula, duyan, sampayan, tali).
- Pagtatanim ng mga puno o halaman sa lupa ng Lungsod.
- Pag-i-isprey sa mga puno ng anumang substansya - maliban sa tubig.
- Pagkakabit ng kable ng kuryente o iba pang bagay sa mga puno.
- Walang pahintulot na pagpasok sa lugar ng protektadong puno.

Bakit dapat ipagsanggalang ang mga puno?


- Nililinis ng mga puno ang ating hangin at tubig.
- Nagpapanatili ng init kapag taglamig, ng lamig kapag tag-araw.
- Pinananatili at sinasala ng mga puno ang tubig-ulan at binabawasan ang pagguho ng lupa.
- Itinataguyod nito at sinusuportahan ang pagkasari-sari ng buhay ng mga nakatira sa lungsod.
- Pinagaganda ng mga puno ang ating mga komunidad at lumilikha ng damdaming pagkakapit-bahay.
- Pinatataas nito ang halaga ng iyong ari-arian.
- Ang puno ng Lungsod ay pagmamay-ari nating lahat, ang mga ito ay pinagsasaluhang pag-aari.

Mga Pakinabang ng Kapitaligiran

Mga Pakinabang ng Lipunan

Mga Pakinabang ng Komunidad

Mga Pakinabang ng Ekonomiya





Pampubliko o pamprivadong puno?



Ang lahat ng puno sa gilid ng mga kalsada at sa loob ng Right-of-way ay pagmamay-ari ng Lungsod at protektado ng *Patakaran sa Pagsasanggalang ng Punong*.

Kabilang sa mga pampublikong puno ang anumang bahagi ng katawan nito na nasa tapat ng mga lupa ng Lungsod.



Nagtatayo o nagdedebelop ng pag-aari?



Kailangan ng Tree Protection Plan (TPP) kung ang ginagawa ay anim na metro ang lapit sa isang pampublikong puno. Ipakikita ng TPP kung paano dapat gawin ang trabaho at kung paano maipagsasanggalang ang mga puno ng Lungsod.

Anumang aktibidad na babago sa lupa (pagsiksik, paghuhukay o pagbabago ng sahig ng lupa) o paggambala ng mga sanga, katawan o mga ugat ay lubhang makakapinsala. Tatagal pa ng 10 taon ang mga puno bago ito kakikitaan ng mga palatandaan ng unti-unting pagkamatay, kaya kailangan nating maging palaisip tungkol dito.

Ang pagtanggap o pagpungos ng isang puno nang walang pahintulot o pagkakabit ng mga bagay sa isang pampublikong puno ay maaaring mapatawan ng multa ng hanggang \$10,000. Ang hindi pagsunod sa aprubadong Tree Protection Plan ay maaaring pagmultahin ng \$500.

Para sa higit pa tungkol sa mga Tree Protection plan, tumawag sa 311 o bumisita sa calgary.ca/trees.

